

## DOST, ninanais na paunlarin ang produksyon at operasyon ng isang kooperatiba sa Misamis Oriental

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

**H**indi maipagkakaila na maraming mga negosyo sa iba't ibang panig ng bansa ang lubos na naapektuhan ngayon panahon ng pandemya. Subalit, mayroon din naman ang nakapag-adopt at umusbong kagaya ng mga nasa food industry.

Ang Gregorio Pelaez Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative ay itinayo noong 1993 sa Gitagum, Misamis Oriental. Ang pangunahin nilang pinagkakakitaan ay ang pagsasaka, pagtatanim ng mais, tobacco, coconut, saging, at iba pang mga gulay. Umaabot sa 50 na katao ang mga nagtatrabaho rito at karamihan sa kanila ay mga magsasaka at kababaihan. Ngunit, ang karamihan sa kanilang mga prutas at gulay na itinatanim ay panahon lang naaangkop sa buong taon, dahilang upang maapektuhan ang kanilang kinikita.

Sa kasalukuyan, ang ilan sa kanilang mga produkto ay banana chips, citronella oil, citronella soap, at mixed-herbal oil. Maituturing na ang banana chips at citronella oil-based products ang pinakamabenta sa lahat ng produkto ng naturang kooperatiba

sundan sa pahina 3

## Mga Nilalaman

Pakinabang sa data science, scientific social survey at solar power, tampok sa isang virtual mposium ng DOST.....p4

## 'Si Plantito, Plantita sa Pandemya': LBSCFI SyenSaya TechnoForum para sa seguridad ng pagkain

Ni David Matthew C. Gopilan, DOST-STII



TeknoForum na "Si Plantito, Plantita sa Pandemya: Food Security Challenges and Opportunities Under the New Normal" na pinamunuan ni Dr. Alexander R. Madrigal, director ng Department of Science and Technology-CALABARZON.

**M**ga hamon at solusyon sa seguridad ng pagkain (food security), tinalakay ng mga eksperto sa isang virtual forum na inorganisa ng Los Baños Science Community Foundation, Inc. (LBSCFI) TechnoForum Committee, noong 3 Disyembre 2020. Tinaguriang, "Si Plantito, Plantita sa Pandemya: Food Security Challenges and Opportunities Under the New Normal", ito ay dinaluhan ng mahigit 200 na tao mula sa iba't ibang parte ng bansa sa pamamagitan ng Zoom at Facebook Live. Ang naturang pangyayari ay parte ng ika-12 pagdiriwang ng Los Baños SyenSaya Science Festival.

Ibinahagi ni Dr. Alexander R. Madrigal, direktor ng Department of Science and

Technology (DOST) CALABARZON at pinuno ng TechnoForum Committee, ang partisipasyon ng DOST CALABARZON sa katatapos na 2020 National Science and Technology Week (NSTW) ng buong DOST. Tampok dito ang 4Ks ng 2020: Kalusugan, Kabuhayan, Kaayusan, and Kinabukasan.

### Kalusugan

Sa ilalim ng temang Kalusugan, ibinahagi si Dr. Eufemio V. Rasco Jr., ng DOST-National Academy of Science and Technology, na ang food security ay tumutukoy hindi lamang sa sapat na pagkain, kundi sa "accessibility" sa masusustansyang pagkain. Ipinakita din niya na ang tatlong U ng food security: Unjust, sundan sa pahina 2

# FOOD SECURITY CHALLENGES AND OPPORTUNITIES UNDER THE NEW NORMAL

**EUFEMIO T. RASCO, JR.**

Member, National Academy of Sciences and Technology (Philippines)



DOST-CALABARZON Tekno Siyensiya Webinar, 03 December 2020

Dr. Eufemio V. Rasco, Jr., pinuno ng Agricultural Sciences Division ng Department of Science and Technology – National Academy of Science and Technology at ang kanyang presentasyon.

Unsustainable, at Unhealthy food system ay matutugunan ng tatlong D: Diversification in dining tables, Diversification in the farms, and use of Digital technology.

Dagdag pa ni Dr. Rasco na ang mga mamimili ay kailangan maging "prosumer" na kung saan ang bawat tahanan ay nagtatanim ng mga halamang makakain. Kanya namang hinamon ang mga ahensya ng pamahalaan na tugunan ang lumalalang isyu ng food security. Para sa DOST, kanyang iminungkahi ang paggawa at pamamahagi ng mga food production technologies at mga payo sa publiko na naglalayong isulong ang food security.

## Kabuhayan

Para naman sa temang Kabuhayan, dalawang negosyo mula sa Los Banos - ang Carbons Farms at Sierreza - ang nagbahagi ng kanilang karanasan sa pagne-negosyo sa gitna ng COVID-19 pandemya.

Ayon kay Dr. Madonna C. Casimero ng Carbons Farms, nahirapan man ang kanilang negosyo sa kalagitnaan ng krisis, natutunan naman nila ang iba't ibang paraan para yumabong ang kanilang negosyo gaya ng online marketing at selling, at pakikisyo sa food delivery services.

Binanggit din niya ang "farm to plate concept" na kung saan ang kaniyang produkto mula sa taniman ay pumupunta sa Solita's Farm Diner na pagmamay-ari ng kanyang kapatid.

Mobile Palengke naman ang ibinida nila Crus Pullan, Graham Tapia at Jobert Peñaranda ng Sierreza. Naging paraan ang Mobile Palengke upang maibenta ng mga indigeno na mga magsasaka sa Sierra Madre ang kanilang produkto sa mga lungsod. Dagdag pa nila na tila gumawa ng isang komunidad ng producers

at consumers ang kanilang "community-supported agriculture".

## Kaayusan at Kinabukasan

Bilang kinatawan ng lokal na pamahalaan at ng mga komuninad, ipinakita nila Los Banos Municipal Agriculturist Cheryll Laviña-Gonzales at Punong Baranggay 412 Hon. Filomena Cinco ang kanilang mga proyektong komunidad para sa food security na siyang nakatulong malagpasan ang pandemya.

Tampok sa temang Kaayusan at Kinabukasan, binanggit ni Gng. Gonzales ang ilan sa mga gawain ng lokal na pamahalaan ng Los Banos para matugunan ang problema sa food security. Ilan dito ay pamamahagi ng mga binhi, punla, pataba ng lupa, at kagamitan sa pagsasaka; mga serbisyo o extension work sa agrikultura at paghahayupan (livestock); pagtatayo ng pamilihan, testing laboratory, at tinapayan na nagsisilbi sa mga batang may malnutrisyon.

Binanggit naman ni Hon. Cinco ang pagsasama-sama ng iba't ibang sektor ng lipunan sa pagtataguyod ng proyektong Gulayan sa

Pamayanan. Ayon sa kanya, nakinabang sa urban gardens ang mga pamilya mula sa Estero de San Miguel sa Sampaloc, Manila. Ito ay nagmula sa pagtutulongan ng DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resource Research and Development, DOST-National Capital Region, Nagkakaisang Mamamayan ng Legarda, Inc., at Jesse M. Robredo Homeowners Association, Inc.


Samantala, binanggit ni Dr. Melinda dP. Bandalaria, Chancellor ng University of the Philippines Open University (UPOU) and the President of the LBSCFI, ang kahalagahan ng food security sa panahon ng "new normal". Ito ay dahil may mga pamilyang hindi sapat ang kinakain at may mga magsasaka na hirap sa pagbenta ng kanilang produkto. Ngunit kanya ding binanggit na ang teknoforum na ito ay isang pagdiriwang ng katatagan o "resilience".

Panayam naman ni Mayor Caesar Perez ng Los Baños na patuloy na tinutugunan ng lokal na pamahalaan ang food security sa bayan. Binanggit niya ang libreng pagpapagamit ng traktor, pagpaparenta ng mga lupa, at land preparation ng mga sakahan para sa mga magsasaka. Ayon sa kanya, "Huwag tayong magsasawa na tumuklas para sa ikagagaling at hindi ikagugutom ng ating mga mamamayan". (Impormasyon at litrato mula kay Krizzia Mei C. Esperanza, DOST-CALABARZON)

TeknoForum na "Si Plantito, Plantita sa Pandemya: Food Security Challenges and Opportunities Under the New Normal" na pinamunuan ni Dr. Alexander R. Madrigal, director ng Department of Science and Technology-CALABARZON.

Dr. Eufemio V. Rasco, Jr., pinuno ng Agricultural Sciences Division ng Department of Science and Technology – National Academy of Science and Technology at ang kanyang presentasyon.

Dr. Madonna C. Casimero ibinabahagi ang kanyang presentasyong, "Finding Opportunities Amidst the Food Security Challenges" para sa Carbons Farms at Solita's Farm Diner.



Dr. Madonna C. Casimero ibinabahagi ang kanyang presentasyong, "Finding Opportunities Amidst the Food Security Challenges" para sa Carbons Farms at Solita's Farm Diner.



Nagpulong ang mga miyembro ng GPelaez ARB MPC kasama ang Municipal Agriculture Office staff ng LGU Gitagum at ang DOST Misamis Oriental sa pangunguna ni Provincial Director Engr. Junelyn-Louvena B. Ruiz tungkol sa mga teknikal na pangangailangan ng kooperatiba. (Larawan mula sa DOST-X)

subalit nagsisilbing hamon sa kanila ang kawalan ng naangkop na kasangkapan sa produksyon ng mga ito, gayundin ang suplay para sa raw materials.

Ang mga miyembro ng kooperatiba ay mayroon kanya-kanyang lupain na kung saan nila itinatanim ang mga saging at citronella subalit hindi nila kinakaya na masabayan ang demand mula sa merkado.

Upang mapaunlad ang kanilang produksyon at operasyon, nagbibigay ng napapanahong

suporta ang Department of Science and Technology (DOST) sa pamamagitan ng kanilang Community Empowerment thru Science and Technology (CEST) Program. Nagbigay ang nasabing ahensya ng umaabot sa 998,780.00 na project assistance na kung saan ilalaan ito sa pagpapalawak ng kanilang tinataniman upang maparami ang kanilang raw materials, pagpapaganda at pagpapataas ng antas ng kalidad ng kanilang produkto sa pamamagitan ng laboratory testing, gayundin

ang packaging at labeling, naangkop na kasangkapan, at pagpapaunlad sa kaalaman ng mga mangagawa ng mga ito.

Ang ibinibigay na suporta ng ng DOST sa GPelaez ARB MPC ay higit pa sa pagnanais na iahon sa kahirapan ang mga nasa komunidad kung hindi gabayan ang mga miyembro ng kooperatiba na magkaroon ng karagdagang pagkakakitaan at matatag na negosyo. (Impormasyon mula kay Rain Shower R. Dalugdug, DOST-Misamis Oriental)

#### Pakinabang sa... Mula sa pahina 4

ng DOST gaya ng Community Empowerment Thru Science and Technology, Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP at ang scholarship program para sa mga mag-aaral na nagnanais na pasukin ang career sa science and technology.

Sa kanyang panimula, ibinahagi ni Acd. Monterola ang kanyang opinyon hinggil sa mga dahilan kung bakit kailangang bigyang pansin ng mga mag-aaral ang career sa science, technology, engineering at math o STEM sa kasalukuyan.

Kanyang nabanggit na ang “industry 4.0” ay nakasalalay sa STEM at ang digital transformation ay pinangungunahan ng mga STEM professional, habang may magandang hinaharap naman ang naghihintay para sa mga data scientist.

Dagdag pa niya, maaari itong magamit sa electricity demand forecasting o ang pagtataya ng pangangailangang elektrisidad sa partikular

na panahon, retail merchandising analytics para sa retail industry, credit-scoring system, market opportunity expansion, at marami pang iba..

Samantala, ibinahagi ni Acd. Mahar Mangahas ang “DIY Scientific Social Survey” para sa mga mag-aaral. “A scientific social survey is a basic resource for social science inquiry,” paliwanag ni Acd. Managahas.

Habang ang kapakinabangan naman sa solar PV technology upang makamit ang sustainable economy ang iprinisenta ni Acd. Fabella. Sa kanyang pagtatapos, kanyang hinikayat ang mga mag-aaral at guro na maging aktibong boses sa kanilang komunidad upang mapalaganap ang paglipat ng bansa sa renewable energy.

Ang DOST-NAST ay isa sa nagsisilbing advisory body ng bansa sa science and technology (Impormasyon mula kay Engr. Reinhold Jek Y. Abing, SRS II-DOST Negros Oriental)

**RODOLFO P. DE GUZMAN**  
Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist

**ROSEMARIE C. SEÑORA**  
Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

# Pakinabang sa data science, scientific social survey at solar power, tampok sa isang virtual symposium ng DOST

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

**D**umaguete City – Isang virtual symposium ang inorganisa ng Department of Science and Technology-National Academy of Science and Technology (DOST-NAST) na tumatalakay sa mga pakinabang ng data science, scientific social survey at solar power energy.

Ang nasabing simposium na pinamagatang “ScienTeach: A Virtual Symposium for the Youth of Dumaguete City” ay ang ika-apat na pagtatanghal. Ito ay sinuportahan ng mga ahensiya ng pamahalaan kabilang ang DOST Regional Office VII (DOST VII), Department of Education Region VII (DepEd VII), DOST Negros Oriental Provincial Science and Technology Center, at DepEd Division ng Dumaguete City.

Tinatayang 600 na mga kalahok online ang nasabing aktibidad na kinabibilangan ng mga

mag-aaral mula sa Ramon Teves Pastor Memorial Dumaguete Science High School, Dumaguete City National High School, Piapi High School, Junob National High School, Taclobo National High School, Camanjac National High School, at Hermegilda F. Gloria Memorial High School.

Samantala, may mga mag-aaral naman sa mga pribadong paaralan mula junior at senior high school ang lumahok mula naman sa St. Paul University Dumaguete, Silliman University, Holy Cross High School, Saint Louis School-Don Bosco of Dumaguete, Catherina Cittadini School at Colegio de Santa Catalina de Alejandria ang natuto sa nasabing programa.


Maliban sa mga nabanggit, mayroon ding mga representatnte mula senior high school ang Asian College – Dumaguete, Metro Dumaguete College at STI College.

Ang nasabing programa ay kinatampukan ng mga batikang Academician gaya nina Acds. Christopher Monterola at Mahar Mangahas. Kasama rin bilang resource speaker ang National Scientist Raul Fabella.


Ayon kay DOST-NAST president at Academician Rhodora V. Azanza, ang symposium ay kinatatampukan ng iba’t ibang paksa upang matalakay sa pangunguna ng mga batikan at dalubhasa sa nasabing teknolohiya o usapin. “It aims to promote science and technology, bring our scientists closer to the youth and inspire and encourage the students to pursue a career in science,” dagdag ni Azanza.

Sa kanyang bahagi, inilahad ni Engr. Jesus F. Zamora, Jr., Officer-In-Charge-Office of the Regional Director, DOST VII ang mga programa

sundan sa pahina 3



Ibinahagi ni Academician Monterola ang kanyang opinyon sa apat na dahilan kung bakit kailangang bigyang pansin ng mga kabataan ang karera sa STEM strand ngayon.



Sa kanyang DIY scientific social survey, inilahad ni Academician Mangahas ang kanyang kaalaman sa pagsasagawa ng social survey.



Solar PV technology naman ang paksang tinalakay ni National Scientist Fabella.



Si Engr. Jesus F. Zamora, Jr., OIC- Office of the Regional Director, DOST VII habang kanyang ipinipresenta ang mga programa ng DOST sa mga kalahok ng nasabing simposium.